

County ng Santa Clara

Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan

Opisyal ng Pangkalusugan
976 Lenzen Avenue, 2nd Floor
San José, CA 95126
408.792.3798



KAUTUSAN NG OPISYAL NG PANGKALUSUGAN NG COUNTY NG SANTA CLARA NA NAGTATATAG NG MGA NAKATUON NA PAMAMARAAN SA KALIGTASAN UPANG MAPROTEKTAHAN ANG KOMUNIDAD MULA SA COVID-19

PETSA NG KAUTUSAN: Mayo 18, 2021

Mangyaring basahin nang mabuti ang Kautusang ito. Ang paglabag sa o kabiguang sumunod sa Kautusang ito ay isang maliit na krimen (misdemeanor) na mapaparusahan ng multa, pagkabilanggo, o pareho. (Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan ng California § 120295, *et seq.*; Cal. Kodigong Penal § § 69, 148 (a) (1); Kodigo ng Ordinansa ng County ng Santa Clara § A1-28; Ordinansa ng County NS-9.291.)

SA ILALIM NG AWTORIDAD NG KODIGO NG KALUSUGAN AT KALIGTASAN NG CALIFORNIA SEKSYONG 101040, 101085, 120175 AT KODIGONG ORDINANSA NG SANTA CLARA COUNTY SEKSYON A18-33, INUUTOS NG OPISYAL NG PANGKALUSUGAN ("OPISYAL NG PANGKALUSUGAN") NG COUNTY NG SANTA CLARA:

1. Layunin at Hangarin.

- a. Ang Kautusang ito ay pumapalit sa Oktubre 5, 2020 na Kautusan ng Pagbabawas ng Panganib ng Opisyal ng Pangkalusugan ("Naunang Kautusan"), at magkakabisa sa petsa at oras na nakalagay sa Seksyon 11 sa ibaba. Itong Kautusan ay naglalagay ng ilang mga lokal na kinakailangan na idinisenyo upang limitahan ang pagkalat ng SARS-CoV-2, ang virus na sanhi ng Sakit na Novel Coronavirus 2019 ("COVID-19"). Ang banta sa pampublikong pangkalusugan mula sa COVID-19 ay bumababa sa County. Gayunpaman, ang COVID-19 ay patuloy na nagdudulot ng panganib lalo na sa mga residente ng Santa Clara County ("County") na hindi ganap na nabakunahan, at ang ilang mga pamamaraan sa kaligtasan ay patuloy na kailangan upang maprotektahan laban sa mga kaso at pagkamatay sa COVID-19. Ang mga bakuna ay ang pinakamabisang pamamaraan para maiwasan ang mga kaso at pagkamatay sa COVID-19, at para mapigilan ang pagkalat ng COVID-19, at samakatuwid mahalaga na matiyak na pinakamaraming mga kwalipikadong tao hangga't maaari ang nabakunahan laban sa COVID-19. Dagdag dito, kritikal na matiyak na mayroong patuloy na pag-uulat ng mga kaso upang maprotektahan ang mga indibidwal at ang mas malawak na komunidad. Nangangailangan ang Kautusang ito ng mga partikular na pamamaraan sa kaligtasan, nakatuon sa pag-uulat ng kaso, pagbabakuna, at paggamit ng mga panakip sa mukha sa loob. Patuloy na susubaybayan ng Opisyal ng Pangkalusugan ang data hinggil sa umuusbong na siyentipikong pag-unawa sa mga panganib na dulot ng

COVID-19, kabilang ang epekto ng pagbabakuna, at maaaring baguhin o tanggalin ang Kautusan batay sa pagsusuri ng data at kaalaman. Mula sa epektibong petsa at oras ng Kautusang ito, lahat ng mga indibidwal at negosyo sa County ay kinakailangan na sumunod sa mga probisyon ng Kautusang ito. Dapat ding sundin ng mga ahensya ng gobyerno ang mga probisyon ng Kautusang ito maliban kung tinukoy.

- b. Ang pangunahing hangarin ng Kautusang ito ay upang patuloy na maprotektahan ang komunidad mula sa COVID-19 at upang madagdagan din ang bilang ng mga nabakunahan upang mabawasan ang pagkalat ng pangmatagalang COVID-19, upang ang buong komunidad ay mas ligtas at ang COVID-19 health emergency ay maaaring magwakas. Lahat ng mga probisyon ng Kautusang ito ay dapat isalin upang maipatupad ang hangaring ito. Ang kabiguang sumunod sa alinman sa mga probisyon ng Kautusang ito ay bumubuo ng napipintong banta at panganib sa kalusugan ng publiko, bumubuo ng isang panggugulo sa publiko, at mapaparusahan sa pamamagitan ng multa, pagkabilanggo, o pareho.
 - c. Ang Kautusang ito ay batay sa katibayan ng patuloy na pagkalat sa komunidad ng SARS-CoV-2 sa loob ng County pati na rin ang siyentipikong ebidensya at pinakamahusay na mga pamamaraan upang maiwasan sa pangkalahatan ang pagkalat ng mga virus sa paghinga at partikular na ang SARS-CoV-2.
2. **Saan Naaangkop.** Lahat ng mga indibidwal, negosyo, at iba pang mga entidad sa County ay inuutusan na sumunod sa naaangkop na mga probisyon ng Kautusang ito. Para sa kalinawan, ang mga indibidwal na hindi kasalukuyang naninirahan sa County ay dapat sumunod sa lahat ng naaangkop na mga kinakailangan ng Kautusan kapag sila ay nasa County. Dapat sundin ng mga entidad ng gobyerno ang mga kinakailangan ng Kautusang ito na nalalapat sa mga negosyo, maliban kung partikular na iniutos ng Opisyal ng Pangkalusugan.
3. **Pagsasama ng mga Proklamasyon sa Emergency at mga Kautusan ng Estado.**
- a. Ang Kautusang ito ay inilabas alinsunod sa, at isinasama batay, sa Marso 4, 2020 na Proklamasyon ng State of Emergency na inilabas ni Gobernador Gavin Newsom; sa Pebrero 3, 2020 na Proklamasyon ng Direktor ng mga Serbisyong Pang-emergency na Nagdedeklara ng Pagkakaroon ng Lokal na Emergency sa County; sa Pebrero 3, 2020 na Deklarasyon ng Lokal na Emergency sa Kalusugan Hinggil sa Novel Coronavirus 2019 (COVID-19) ng Opisyal ng Kalusugan; sa Pebrero 10, 2020 na Resolusyon ng Lupon ng mga Superbisor ng County ng Santa Clara na Nagpapatibay at Nagpapalawig ng Deklarasyon ng Lokal na Emergency sa Kalusugan; at sa Pebrero 10, 2020 na Resolusyon ng Lupon ng mga Superbisor ng County ng Santa Clara na Nagpapatibay at Nagpapalawig ng Proklamasyon ng Lokal na Emergency.

Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County
Na Nagtatatag ng mga Nakatuon na Pamamaraan sa Kaligtasan
Upang Maprotektahan ang Komunidad mula sa COVID-19 (Inilabas noong Mayo 18, 2021)

- b. Ang Kautusang ito ay inilabas din dahil sa iba't ibang mga Kautusan ng Opisyal ng Pampublikong Pangkalusugan ng Estado; sa Marso 19, 2020 na Ehekutibong Kautusan N-33-20 ng Gobernador na nagdidirekta sa mga residente ng California na sumunod sa mga direktiba ng pampublikong pangkalusugan ng Estado; sa Mayo 4, 2020 na Ehekutibong Kautusan N-60-20 ng Gobernador; at sa kasunod na mga kautusan ng Gobernador at Opisyal ng Pangkalusugan ng Estado. Ang mga kautusang ito ay malinaw na kumikilala na ang mga lokal na opisyal ng pangkalusugan ay may awtoridad na magtatag at magpatupad ng mga pamamaraan sa pampublikong pangkalusugan sa loob ng kani-kanilang mga hurisdiksyon na mas mahigpit kaysa sa ipinapatupad ng Opisyal ng Pampublikong Pangkalusugan.
4. **Obligasyon na Sundin ang Mas Mahigpit na Kautusan.** Kung mayroong pagsalungat sa pagitan ng Kautusang ito at anumang kautusan na ipinalabas ng Opisyal ng Pampublikong Pangkalusugan ng Estado, ng Gobernador, o isang ahensya ng Estado (tulad ng California Division of Occupational Safety and Health (Cal/OSHA)) na may kaugnayan sa pandemyang COVID-19, ang pinakamahigpit na probisyon ang magkokontrol. Para sa kalinawan, ang lahat ng mga indibidwal at mga entidad ay dapat sumunod sa Kautusan ng Estado, sa anumang mahigpit na ipinapatupad na patnubay na ipinalabas ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng California, anumang mahigpit na ipinapatupad na kautusan ng Gobernador o isang ahensiya ng Estado, o anumang iba pang mahigpit na ipinapatupad na probisyon ng batas ng Estado hangga't mas mahigpit ito kaysa sa anumang probisyon ng Kautusang ito. Alinsunod sa seksyon 131080 ng Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan ng California at ang Gabay ng Pamamaraan para sa Pagkontrol sa Nakakahawang Sakit sa California ng Opisyal ng Pangkalusugan, maliban kung ang Opisyal ng Pangkalusugan ng Estado ay nagpalabas ng isang kautusan na malinaw na tumutugon sa Kautusang ito at batay sa napag-alaman na ang isang probisyon ng Kautusang ito ay bumubuo ng isang panganib sa kalusugan ng publiko, ang anumang mas mahigpit na mga pamamaraan sa Kautusang ito ay patuloy na nalalapat at magkokontrol sa County na ito. Bilang karagdagan, hangga't ang anumang mga alituntuning pederal ay hindi naaayon sa Kautusang ito, ang Kautusang ito ang magkokontrol.
5. **Obligasyon na Sumunod sa mga Direktiba ng Opisyal ng Pangkalusugan at Mahigpit na Ipinapatupad na Patnubay ng Estado.** Bilang karagdagan sa pagsunod sa lahat ng mga probisyon ng Kautusang ito, lahat ng mga indibidwal at entidad, kabilang ang lahat ng mga negosyo at entidad ng gobyerno, ay dapat ding sumunod sa anumang naaangkop na mga direktiba na ipinalabas ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County at anumang naaangkop na mahigpit na ipinapatupad na patnubay na ipinalabas ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng California. Hanggang sa kung may pagsalungat sa mga probisyon sa mga direktiba ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County at patnubay ng Opisyal ng Pangkalusugan ng Estado, nalalapat ang mas mahigpit na mga probisyon.
6. **Mga kahulugan.**

Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County
Na Nagtatatag ng mga Nakatuon na Pamamaraan sa Kaligtasan
Upang Maprotektahan ang Komunidad mula sa COVID-19 (Inilabas noong Mayo 18, 2021)

- a. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, ang isang "negosyo" ay kinabibilangan ng anumang for-profit, non-profit, o pang-edukasyon na entidad, kahit na isang entidad ng korporasyon, samahan, sosyohan o nag-iisang pagmamay-ari, at anuman ang katangian ng serbisyo, ang tungkulin nito, o istraktura ng korporasyon o entidad nito. Para sa kalinawan, kabilang din sa "negosyo" ang for-profit, non-profit, o entidad na pang-edukasyon na nagsasagawa ng mga serbisyo o gawain sa ilalim ng kontrata sa isang ahensya ng gobyerno.
 - b. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, ang "tauhan" ay nangangahulugang ang mga sumusunod na indibidwal na nagbibigay ng mga kalakal o serbisyo o nagsasagawa ng mga operasyon na nauugnay sa negosyo sa County: mga empleyado; mga kontratista at sub-kontratista (tulad ng mga nagbebenta ng mga kalakal o nagsasagawa ng mga serbisyo sa lugar o nagdedeliver ng mga kalakal para sa negosyo); mga independiyenteng kontratista (tulad ng "gig workers" na nagsasagawa ng trabaho sa pamamagitan ng aplikasyon ng negosyo o iba pang online interface); mga tindera na pinahihintulatang magbenta ng mga paninda sa lokasyon; mga boluntaryo; at iba pang mga indibidwal na regular na nagbibigay ng mga serbisyo sa lokasyon sa kahilingan ng negosyo.
 - c. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, ang isang tao ay "ganap na nabakunahan" dalawang linggo pagkatapos makumpleto ang buong inirekomendang serye ng pagbabakuna (karaniwang isa o dalawang dosis) gamit ang isang bakunang pinahintulutan upang maiwasan ang COVID-19 ng pederal na Food and Drug Administration, kabilang ang paraan ng isang pahintulot sa emergency na paggamit. Halimbawa, mula sa petsa ng pagpapalabas ng Kautusang ito, ang isang indibidwal ay ganap na nabakunahan nang hindi bababa sa dalawang linggo pagkatapos makatanggap ng pangalawang dosis ng bakuna sa COVID-19 ng Pfizer o Moderna o dalawang linggo pagkatapos matanggap ang solong dosis ng bakuna sa COVID-19 ng Johnson & Johnson.
7. **Ang Pagpapabakuna Ay ang Pinakamahusay na Paraan upang Mabawasan ang Panganib.** Ang pagpapabakuna laban sa COVID-19 ay ang pinakamahusay na paraan upang maprotektahan ang taong nabakunahan mula sa impeksyon, pagpapa-ospital, at pagkamatay mula sa COVID-19, pati na rin upang maiwasan ang pinsala sa iba sa pagbawas ng panganib ng pagkalat ng COVID-19. Samakatuwid, lahat ng mga kwalipikadong tao ay maring hinihikayat na magpabakuna laban sa COVID-19 sa lalong madaling panahon.
 8. **Mga Panakip sa Mukha.** Lahat ng mga tao ay dapat sumunod sa Mahigpit na Ipinapatupad na Direktiba sa Paggamit ng mga Panakip sa Mukha ng Opisyal ng Pangkalusugan.
 9. **Mga Kinakailangan na Naaangkop sa Lahat ng Mga Negosyo at Mga Entidad ng Gobyerno.**

Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County
 Na Nagtatatag ng mga Nakatuon na Pamamaraan sa Kaligtasan
 Upang Maprotektahan ang Komunidad mula sa COVID-19 (Inilabas noong Mayo 18, 2021)

- a. **Mga Aktibidad na Hinihikayat na Mangyari sa Labas.** Dapat isaalang-alang ng lahat ng mga negosyo at entidad ng gobyerno ang paglipat ng mga operasyon at aktibidad sa labas, kung saan may mas kaunting panganib ng pagkalat ng COVID-19, lalo na kung ang mga parokyano ay malamang na hindi pa nabakunahan.
- b. **Mahigpit na Pag-uulat Hinggil sa mga Tauhan na Nahahawaan ng COVID-19.** Dapat mangailangan ang mga negosyo at entidad ng gobyerno na kaagad na mag-alerto ang lahat ng tauhan sa negosyo o entidad ng gobyerno kung nasuri silang positibo sa COVID-19 at kung naroon sa lugar ng trabaho alinman (1) sa loob ng 48 na oras bago nagsimula ang mga sintomas o sa loob ng 10 araw pagkatapos nagsimula ang sintomas kung sila ay may mga sintomas; o (2) sa loob ng 48 oras bago sa petsa na sila ay nasuri o sa loob ng 10 araw pagkatapos ng petsa na sila ay nasuri kung wala silang mga sintomas. Kung sakaling malaman ng isang negosyo o entidad ng gobyerno na ang sinuman sa mga tauhan nito ay isang nakumpirmang positibong kaso ng COVID-19 at nasa lugar ng trabaho sa oras na ito, ang negosyo o entidad ng gobyerno ay kinakailangan na mag-report ng positibong kaso sa loob ng 24 na oras sa Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng County sa www.sccsafeworkplace.org. Ang mga negosyo at entidad ng gobyerno ay dapat ding sumunod sa lahat ng mga pamamaraan sa imbestigasyon ng kaso at sa pagsubaybay ng nakipagsalamuha na iniutos ng County, kabilang ang pagbibigay ng anumang impormasyon na hiniling sa loob ng panahon na ibinigay ng County, pagtuturo sa mga tauhan na sundin ang mga protokol ng pagbubukod at pagkuwarantina na tinukoy ng County, at hindi kasama ang mga positibong kaso at nakipagsalamuha nang malapitan na hindi pa nabakunahan sa lugar ng trabaho sa panahon ng pagbubukod at pagkuwarantina.
- c. **Pagtiyak ng Katayuan sa Pagbabakuna.** Dapat tiyakin ng mga negosyo at entidad ng gobyerno ang katayuan sa pagbabakuna ng lahat ng mga tauhan. Hanggang matiyak ang katayuan sa pagbabakuna ng isang tao, dapat silang tratuhin bilang hindi ganap na nabakunahan. Ang mga tauhang tumanggi na magbigay ng katayuan sa pagbabakuna ay dapat ding tratuhin bilang hindi nabakunahan. Ang mga negosyo at entidad ng gobyerno ay dapat magkumpleto ng kanilang paunang pagtiyak ng katayuan sa pagbabakuna para sa lahat ng mga tauhan sa loob ng 14 na araw mula sa epektibong petsa ng Kautusang ito. Pagkatapos nito, dapat silang kumuha ng na-update na katayuan sa pagbabakuna para sa lahat ng mga tauhan na hindi ganap na nabakunahan bawat 14 na araw. Dapat na panatilihin ng mga negosyo at entidad ng gobyerno ang naaangkop na mga talaan upang maipakita ang pagsunod sa probisyong ito.
- d. **Mga Mahigpit na Ipinapatupad na Panuntunan para sa Tauhan na Hindi Ganap na Nabakunahan.** Ang mga negosyo at entidad ng gobyerno ay dapat mangailangan sa lahat ng mga tauhan na hindi pa ganap na nabakunahan na (1) sumunod sa lahat ng naaangkop na probisyon ng Mahigpit na Ipinapatupad na Direktiba sa Paggamit ng Mga Panakip sa Mukha, at (2) sumunod sa lahat ng mga naaangkop na probisyon ng

Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County
 Na Nagtatatag ng mga Nakatuon na Pamamaraan sa Kaligtasan
 Upang Maprotektahan ang Komunidad mula sa COVID-19 (Inilabas noong Mayo 18, 2021)

Mahigpit na Ipinapatupad na Direktiba sa Mga Tauhang Hindi Ganap na Nabakunahan ng Opisyal ng Pangkalusugan.

10. **Pagpapatupad.** Alinsunod sa mga seksyong 26602 at 41601 ng Kodigo ng Gobyerno, seksyon 101029 ng Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan, at seksyon A1-34 ng Kodigo ng Ordinansa ng Santa Clara County *et seq.*, hinihiling ng Opisyal ng Pangkalusugan na ang Sheriff, lahat ng mga hepe ng pulisya sa County, at lahat ng mga opisyal ng pagpapatupad sa batas ay nagtitiyak sa pagsunod at pagpatupad ng Kautusang ito. Ang paglabag sa anumang probisyon ng Kautusang ito ay bumubuo ng napipintong banta at panganib sa kalusugan ng publiko, bumubuo ng isang panggugulo sa publiko, at mapaparusahan sa pamamagitan ng multa, pagkabilanggo, o pareho. Ang Kautusang ito ay napapailalim din sa awtoridad ng civil enforcement na itinatag ng Urgency Ordinance Num. NS-9.291.
11. **Epektibong Petsa.** Ang Kautusang ito ay magiging epektibo sa 12:01 a.m. sa Miyerkules, Mayo 19, 2021. Ang Kautusang ito ay magpapatuloy na may bisa hanggang sa ito ay matanggal, mapalitan, o mabago sa pagsulat ng Opisyal ng Pangkalusugan.
12. **Mga kopya.** Ang mga kopya ng Kautusang ito ay dapat kaagad na: (1) magagamit sa County Government Center sa 70 W. Hedding Street, San José, California; (2) mai-post sa COVID-19 website ng Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ([covid19.sccgov.org](https://www.sccgov.org/covid19)); at (3) maibigay sa sinumang miyembro ng publiko na humihiling ng isang kopya ng Kautusang ito.
13. **Severability.** Kung mapawalang bisa ang anumang probisyon ng Kautusang ito o ang aplikasyon nito sa sinumang tao o pangyayari, ang natitirang Kautusan, kasama ang aplikasyon ng gayong bahagi o probisyon sa ibang mga tao o pangyayari, ay hindi maapektuhan at magpapatuloy na may bisa. Hanggang dito, ang mga probisyon ng Kautusang ito ay maaaring maihiwalay.

ITO AY INIUTOS:

Sara H. Cody, M.D.
Opisyal ng Pangkalusugan ng County ng Santa Clara

Petsa: _____

Inaprubahan bilang anyo at legalidad:

James R. Williams
Abugadong Tagapayo ng County

Petsa: _____

Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County
Na Nagtatatag ng mga Nakatuon na Pamamaraan sa Kaligtasan
Upang Maprotektahan ang Komunidad mula sa COVID-19 (Inilabas noong Mayo 18, 2021)